AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 11**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting manunulat! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 11** |
| --- |
| Theme: Mahal Talaga Ako ng Pamilya Ko |
| Content Creator: Antonio F. Zulueta Jr. |

**"MAHAL TALAGA AKO NG PAMILYA KO."**

**WRITING PROMPT LESSON 11**

**---**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher Jaton!
Ngayong linggo naman magkukunwari tayo na may gagawa ng sine tungkol sa buhay natin. Sobrang blockbuster ang sine ninyong "Kaya ko pala!" Ang haba ng pila sa Mall of Asia. Kaya heto pinapagawa naman tayo ng bagong sine. Ang pangalan ng sine naman ginawa natin ngayon ay "MAHAL TALAGA AKO NG PAMILYA KO."

- Sino ang starring at gaganap bilang ako? Si Liza Soberano o si Enrique Gil? O ibang artista? :)
- Sino ang mga ibang cast member natin na gaganap sa ating pamilya?
- Alam kong mahal na mahal natin ang ating pamilya- mamili ng isang pinakamasayang, pinakapaboritong nangyari?
- Magbigay ng detalye- anong naramdaman mo?
- Bakit ito sa lahat ng nangyari sayo ang tumatak sa inyo na mahal ka pala ng pamilya mo?
- Paano ito nakaepekto sayo pagkatapos?

- Anong aral ang gusto mong ipalabas sa pelikulang ito para sa mga fans na ka-edad mo?

Paalala lang na lahat itong mga kwentong pamilya ay ang mga pinakamasarap basahin. Puwede man ito simple - nung inuwian ako ng Jollibee ni Mama noong birthday ko.

Kung kaya ninyong isulat ng Ingles ang mga storya pagkatapos, subukan din natin! Excited din kaming magbasa ng inyong storya!

Prepared Lovingly by AHA Learning Center